


# Pahayag sa Modernong Pang-aalipin

*Inilalarawan ng Pahayag na ito ang mga aktibidad ng Zoetis Inc. at ang mga pinagsama-samang subsidiary nito ("Zoetis," "kami," "amin" at "atin") upang tugunan ang sapilitang paggawa, pagtatrabaho ng bata, pang-aalipin at pagbebenta ng tao ("modernong pang-aalipin") sa ating negosyo at mga supply chain sa taong nagtapos noong Disyembre 31, 2021. Nailathala natin ang Pahayag na ito alinsunod sa Uyghur Forced Labor Prevention Act, sa California Transparency in Supply Chains Act, sa UK Modern Slavery Act at sa Australian Commonwealth Modern Slavery Act (bawat isa ay isang "Batas" at, kapag magkakasama, ang "Mga Batas"). Hindi lahat ng entidad sa ating pinagsama-samang grupo ay napapailalim sa mga Batas na ito. Gayunpaman, inihanda natin ang Pahayag na ito sa pinagsama-samang batayan para sa buong grupo ng Zoetis dahil mayroon tayong mga parehong patakaran at mga pamamaraan sa pagsunod na nagpoprotekta sa mga karapatang pantao at sumasalungat sa modernong pang-aalipin sa lahat ng ating negosyo.*

## Layunin at mga Pangunahing Paniniwala ng Zoetis

Ang Zoetis ay isang pandaigdigang pinuno sa industriya ng kalusugan ng hayop, na nakatuon sa pagtuklas, pagpapaunlad, paggawa at komersyalisasyon ng mga gamot, bakuna, mga produkto at serbisyong diagnostic, biodevice, mga genetic na pagsusuri, at tumpak na teknolohiya sa kalusugan ng hayop. Mayroon tayong iba't ibang negosyo, na nagma-market ng mga produkto sa walong pangunahing uri: mga aso, pusa at kabayo (sama-sama, mga kasamang hayop) at baka, baboy, manok, isda at tupa (sama-sama, mga hayop na pangkatay); at sa loob ng pitong pangunahing kategorya ng produkto: mga parasitisidyo, bakuna, dermatolohiya, iba pang produktong parmasyutiko, panlaban sa impeksyon, pagsusuri sa kalusugan ng hayop, at gamot na pandagdag sa pagkain. Sa loob ng 70 taon, gumagawa tayo ng mga paraan upang mahulaan, maiwasan, matukoy, at magamot ang sakit ng hayop, at patuloy na naninindigan sa mga nagpapalaki at nag-aalaga ng mga hayop sa buong mundo - mula sa mga magsasakang nag-aalaga ng mga hayop na pangkatay hanggang sa mga beterinaryo at may-ari ng alagang hayop. Ang ating pagtuon sa pagpapahusay sa kalusugan at kalidad ng buhay ng mga komunidad kung saan tayo nakatira at nagtatrabaho ay nakabatay sa paniniwala na dapat tratuhin ang lahat nang patas at may paggalang.

Nakatuon tayo sa paggalang sa mga karapatang pantao at sa dignidad ng lahat, sumusuporta tayo sa lahat ng pagsisikap na itaguyod at protektahan ang mga karapatang pantao, at lumalaban tayo sa modernong pang-aalipin. Hindi natin kukunsintihin ang pang-aabuso sa mga karapatang pantao sa ating mga operasyon o sa ating supply chain, at nakatuon tayo sa pagpapatupad sa mga patakaran at pamamaraan na idinisenyo upang matukoy at mabawasan ang panganib ng modernong pang-aalipin sa ating mga operasyon at supply chain.

## Istruktura, mga Operasyon at Supply Chain ng Zoetis

Ang ating pandaigdigang network ng pagmamanupaktura at supply ay kinabibilangan ng 28 site ng pagmamanupaktura bukod sa ating mga operasyon sa pananaliksik at pagpapaunlad, komersyal, at lohistika. Tumatakbo ang ating mga site ayon sa mga patakaran at pamamaraan ng Zoetis kasama ang mga nakabalangkas sa Pahayag na ito. Sa partikular, ang ating mga patakaran sa Kapaligiran, Kalusugan at Kaligtasan (Environment, Health & Safety o EHS) ay kinabibilangan ng mga paksa na tulad ng mga karapatan, kalusugan at kaligtasan ng manggagawa, at ang proteksyon ng kapaligiran. Regular nating sinusubaybayan at sinusuri ang pagganap ng ating mga site upang

makatulong na matiyak na natutugunan ng ating mga pamantayan sa pag-uugali ang matataas na inaasahan na itinakda natin para sa ating sarili.

Sa Zoetis, napakahalaga ng responsableng pamamahala ng supply chain sa kung paano tayo nagnenegosyo. Tumatakbo tayo sa loob ng isang balangkas ng mga prinsipyong naaayon sa mga responsibilidad sa etika, lipunan, at kapaligiran upang makatulong na matiyak ang pagpapanatili sa ating negosyo at sa mga komunidad kung saan tayo nagpapatakbo. Mahalaga ang network ng mga panlabas na supplier upang bigyang-daan ang paggawa sa ating mga gamot, bakuna, diagnostics, at mga teknolohiya na tumutulong sa mga alagang hayop na mabuhay nang mas mahaba, mas malusog na buhay at mas mapabuti ang kalusugan, kapakanan at pagiging masagana ng mga hayop na nagbibigay ng pagkain. Nakatuon tayo sa paggamit ng mga supplier na nagpapakita ng mahusay na pagganap sa pamamahala ng EHS.

## Panganib ng Modernong Pang–aalipin sa mga Operasyon at Supply Chain ng Zoetis

Batay sa mga sumusunod, naniniwala tayong mababa ang panganib ng modernong pang-aalipin sa ating mga operasyon at supply chain.

- Idinisenyo ang ating programa ng Pamamahala sa Panganib sa Negosyo (Enterprise Risk Management o ERM) upang tukuyin at himukin ang pagbawas sa mga panganib sa diskarte ng kumpanya, at hanggang ngayon ay hindi pa tinutukoy ng ating programang ERM ang panganib ng modernong pang-aalipin bilang malaking panganib sa mga operasyon o supply chain ng Zoetis.
- Mayroon tayong mga patakaran, pamamaraan at pagsasanay sa tauhan na nauukol sa, bukod sa iba pang bagay, mga kasanayan sa pag-hire, oras ng pagtatrabaho at pag-uugali sa lugar ng trabaho na pinaniniwalaan nating nakakabawas sa panganib na ito sa sarili nating negosyo.
- Walang naiulat sa atin na mga isyu ng modernong pang-aalipin o ng karapatang pantao sa ating mga operasyon, sa ating mga supplier o sa ating mga supply chain sa pamamagitan ng ating mga mekanismo sa pag-uulat sa pagsunod o sa Hotline ng Etika ng Zoetis.
- Ang ating patuloy na pagsubaybay sa mga pampublikong mapagkukunan ng balita ay hindi nagresulta sa mga alalahanin sa modernong pang-aalipin o karapatang pantao na nauugnay sa ating mga supplier o sa ating supply chain.

## Mga Pagkilos na Ginawa upang Matugunan ang mga Panganib ng Modernong Pang–aalipin

Ginagawa ng Zoetis ang mga sumusunod na hakbang upang mapamahalaan nang responsable ang ating mga relasyon sa mga supply chain at ibinibigay ang impormasyon sa ibaba bilang pagsunod sa mga kinakailangan sa pagsisiwalat ng mga Batas:

- **Pagpapatunay / Pagsisikap:** Sinusuri ng Zoetis ang mga supplier nito sa pamamagitan ng proseso ng panloob na pagsisikap na nakabatay sa panganib. Idinisenyo ang prosesong ito upang tukuyin ang mga potensyal na supplier na may mas mataas na panganib, kung naaangkop, para sa karagdagang pagsisikap, mas madalas na pagsubaybay, o paggamit ng iba pang kontrol.
- **Mga Kontrata:** Iniaatas ng ating mga karaniwang kontrata sa mga supplier na sumunod sila sa lahat ng naaangkop na batas, kabilang ang mga batas tungkol sa sapilitang paggawa, pagtatrabaho ng bata, pang-aalipin, at pagbebenta ng tao ng bansa o mga bansa kung saan sila nagnenegosyo. Tumatakbo ang Zoetis batay sa patakarang hindi pagkunsinti kaugnay ng sapilitang paggawa, pagtatrabaho ng bata, pang-aalipin, at pagbebenta ng tao. Hindi igagawad ang mga kontrata ng supplier sa sinumang supplier na hindi makakasunod sa mga gawaing nakadetalye sa mga Batas. Nakalaan sa atin ang karapatang ihinto ang pakikipagnegosyo sa sinumang supplier na kaugnayan natin kung hindi sila sasang-ayon na susunod sa Pahayag na ito, sa ating mga patakaran (nakabalangkas sa ibaba), o makatuklas tayo ng paglabag o hindi katanggap-tanggap na mga aksyon nila.
- **Mga Pag-audit:** Pana-panahon tayong magsasagawa ng mga regular na pagsusuri at pagtatasa onsite sa ating mga supplier upang makumpirma ang kanilang pagsunod sa ating mga pamantayan at patakaran at sa lahat ng naaangkop na batas, tuntunin at regulasyon. Gumagamit tayo ng diskarteng nakabatay sa panganib (panganib ng EHS na sinamahan ng panganib sa pagpapatuloy ng negosyo) upang matukoy kung aling mga supplier ang susuriin

at ang dalas ng mga naturang pagtatasa. Ang mga pagtatasa ay gagawin ng alinman sa mga panloob na tauhan o panlabas na mga kontrata batay sa panganib, lokasyon at kadalubhasaan na kailangan para sa pagtatasa. Inaasahan na kasiya-siyang tutugunan ng mga supplier ang anumang mtutukoy na isyu at ipakitang gumawa ng pagwawasto. Ang kabiguang sumunod o kabiguang itama ang mga hindi sumusunod na sitwasyon ay mga batayan para sa pagwawakas ng relasyon sa negosyo.

- **Pag-uulat:** Ang mga paratang ng sapilitang paggawa, pagtatrabaho ng bata, pang-aalipin, o pagbebenta ng tao ay iniuulat sa pangkat ng Pagsunod upang matukoy ang naaangkop na aksyon. Mayroon tayong matatag na mga sistema na nag-aatas ng pag-uulat ng mga alalahanin at proteksyon ng mga tagapagbunyag.
- **Ang Ating mga Patakaran:** Nakatuon tayo sa pagtiyak na hindi mangyayari ang sapilitang paggawa, pagtatrabaho ng bata, pang-aalipin, o pagbebenta ng tao sa ating mga operasyon o supply chain. Sinasalamin ng ating mga patakaran ang ating pagtutuon sa pagkilos nang may etika at may integridad sa lahat ng ating mga relasyon sa negosyo at sa pagsasagawa at pagpapatupad ng mga sistema at kontrol na idinisenyo upang matiyak na hindi nangyayari ang sapilitang paggawa, pagtatrabaho ng bata, pang-aalipin, at pagbebenta ng tao sa ating mga operasyon o supply chain. Kasama sa ating mga nauugnay na patakaran ang:
  - **Mga Prinsipyo sa Pag-uugali ng Supplier**: Binabalangkas ng mga prinsipyong ito ang pag-uugali na inaasahan natin sa lahat ng ating mga kasosyo na supplier bilang suporta sa paniniwala na ang lipunan at negosyo ay pinakamahusay na mapaglilingkuran ng mga responsableng pag-uugali at kasanayan sa negosyo. Kasama sa mga prinsipyong ito ang ating paninindigan sa modernong pang-aalipin, na ang mga supplier ay hindi dapat gumamit ng pagtatrabaho ng bata, sapilitan, panagot-utang o nakakontratang pagtatrabaho na walang sahod o hindi boluntaryong pagtatrabaho sa bilangguan.
  - **Pahayag ng Posisyon sa Pag-uugali ng Supplier**: Tinutugunan ng pahayag na ito ang ating mga inaasahan kaugnay sa lahat ng supplier pagdating sa pagsunod sa ating mga Prinsipyo sa Pag-uugali ng Supplier.
  - **Pamantayan ng Pag-uugali**: Inilalarawan ng ating Pamantayan ng Pag-uugali kung paano tayo nagpapatakbo at gumagabay sa mga desisyong ginagawa natin, at kinakailangang sumunod ang lahat ng empleyado at kontratista sa mga pamantayang ito. Partikular na sinasaklaw ng Pamantayan ang ating pagtuon sa paggalang sa mga karapatang pantao at itinatalaga ang pagsasanay sa lahat ng bagong empleyado sa sandaling ma-hire at sa mga kasalukuyang empleyado nang regular.
  - **Mga Prinsipyo sa Paglaban sa Panunuhol / Paglaban sa Katiwalian**: Ang katiwalian ay hindi magandang senyales para sa mga potensyal na isyu sa karapatang pantao at nakatuon ang Zoetis sa mga pinakamataas na pamantayan ng etikal na pag-uugali at integridad sa ating mga aktibidad sa negosyo sa buong mundo. Binabalangkas ng patakarang ito ang ating posisyon sa pagpigil at pagbabawal sa panunuhol, kabilang ang alinsunod sa US Foreign Corrupt Practices Act, UK Anti-Bribery Act, at lahat ng iba pang batas laban sa panunuhol at laban sa katiwalian saanman tayo nagsasagawa ng negosyo. Hindi papahintulutan ng Zoetis ang anumang anyo ng panunuhol ng, o sa, mga empleyado, ahente o consultant nito o sinumang tao o lupong kumikilos sa ngalan nito.
- **Pagsasanay:** Nagbibigay ang Zoetis ng mga pana-panahong pagsasanay sa pagsunod sa lahat ng empleyado na kinabibilangan ng mga prinsipyo ng bawat isa sa mga Batas.

Ang mga alegasyon ng modernong pang-aalipin ay dapat iulat kaagad sa departamento ng Pagsunod ng Zoetis sa pamamagitan ng mga sumusunod na channel:

- **Sa pamamagitan ng email:** Compliance@zoetis.com
- **Sa pamamagitan ng telepono:** Numero ng Linya ng Tulong sa Pagsunod (U.S. at Canada): 1-855-322-9944
- **Online gamit ang Web-Reporting Tool ng Linya ng Tulong sa Pagsunod: https://zoetis.ethicspoint.com**.

Sa hinaharap, bilang karagdagang pagsalamin sa ating mga Pangunahing Paniniwala na tinukoy sa pahayag na ito, nilalayon ng Zoetis na bumuo ng isang komprehensibong pandaigdigang patakaran sa mga karapatang pantao sa 2023.

## Sertipikasyon – UK Modern Slavery Act

Inaprubahan ng lumagda sa ibaba, bilang isang awtorisadong kinatawan na miyembro ng lupon ng mga direktor ng Zoetis UK Ltd, ang pahayag na ito noong ________________, 2022. Ang pahayag ay susuriin sa taunang batayan at ia-update kung o kapag naaangkop.

______________________________

**Ben Backmann**
VP, Chief Counsel EuAfME, ANZ, Canada, South and Southeast Asia & Aquatic Health